**(now CHINA BANK SAVINGS INC.)**
CBS Building, No. 314, Sen. Gil J. Puyat Avenue, Makati City

**BUENAVENTURA DANTING PAGTAKHAN CONSTANTINO MANGROBANG AND ASSOCIATES**
**By: JONAS CESAR C. MANGROBANG III**
12th Floor, China Bank Savings, Inc. Building,
No. 314 Sen. Gil J. Puyat Avenue, Makati City

**FERNANDO D. AGUILAR and CHERRY M. AGUILAR**
1.) Block 10 Lot 17, Brgy. Granados, Gen. Mariano Alvarez, Cavite.
2.) Block 13 Lot 11, Alta Tierra Homes, Gen. Mariano Alvarez, Cavite
3.) Block 13 Lot 11 Phase 1, Alta Tierra Homes, Brgy. Olaes, Gen. Mariano Alvarez, Cavite

**Publication: HANEP** May 15, 22 & 29, 2023

# Joint Operational Guidelines for first time jobseekers signed

**QUEZON CITY, (PIA) –**The Joint Operational Guidelines that will institutionalize the procedures for all implementers and the issuance of pre-employment documents for the first time jobseekers as provided under the Republic Act No. 11261 or the First Time Jobseekers Assistance Act has been signed.

The Department of Labor and Employment (DOLE), with fifteen other signatory-agencies of the First Time Jobseekers Assistance Act Inter-Agency Monitoring Committee (FTJAA IAMC), formally signed the FTJAA Joint Operational Guidelines (JOG) in a ceremony held on 12 May 2023 at the Kingsford Hotel Manila, Parañaque City.

DOLE Secretary Bienvenido E. Laguesma, in his keynote address during the signing event, underscored the prime importance of the FTJAA JOG, to ease the financial burden of the first time jobseekers.

"Isa ito sa mga pangarap namin sa Kagawaran — ang mabawasan ang pasanin ng mga 'first time jobseeker' sa paghahanap ng trabaho." Further, he recognizes the importance of every member of the FTJAA IAMC. Kaakibat ng DOLE sa FTJAA ang kabuuan ng Inter-Agency Monitoring Committee na binubuo ng 25 ahensiyang handang maglingkod sa ating mga kababayan," Laguesma said.

Undersecretary Carmela I. Torres, for her part shared the collective goal of servicing all potential availees.

"It is our goal to assist the 1.2 million potential graduates annually who are seeking employment by continuously engaging with the relevant stakeholders and push forward our collaboration with other government and development partners to realize our envisioned economic transformation for a prosperous, inclusive, and resilient society," Torres said.

Signatories who participated in the event include Department of Information and Communications Technology (DICT) Secretary Ivan John E. Uy, Civil Service Commission (CSC) Chairperson Karlo Alexei B. Nograles, Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) Director-General Danilo P. Cruz, National Privacy Commission (NPC) Chairman John Henry D. Naga, and Public Employment Service Office Managers Association of the Philippines (PESOMAP) National President Luningning Y. Vergara.

Other member-signatories in attendance are from the Department of Education (DepEd), Department of Finance (DOF), Department of Foreign Affairs (DFA), Department of Health (DOH), Department of the Interior and Local Government (DILG), Commission on Higher Education (CHED), National Bureau of Investigation (NBI), Maritime Industry Authority (MARINA), Philippine National Police (PNP), and Philippine Statistics Authority (PSA).

Completing the rest of the FTJAA IAMC are its member-witnesses present, with the attendance of National Youth Commission(NYC)Executive Director Leah T. Villalon, Philippine Association of State Universities and Colleges (PASUC) President Tirso A. Ronquillo, and representatives from the Department of Budget and Management (DBM), Department of Justice (DOJ), Government Service Insurance System (GSIS), Bureau of Internal Revenue (BIR), Home Development Mutual Fund (Pag-IBIG), and the Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth).

Representative Juan Fidel F. Nograles, Chairperson of the House of Committee on Labor and Employment also graced the event and witnessed the ceremonial signing of the FTJAA JOG.

The FTJAA has been implemented since 2019 after the enactment of the R.A. No. 11261.

Beneficiaries are over 300,000 to date with estimated 83 million pesos of government fees waived.

Among the salient features of the FTJAA JOG include the definition of a first time jobseeker, proof of eligibility and validity, reporting and monitoring mechanisms, and grievance procedures. ***(dole/pia-ncr)***

# Application for CSE-PPT set on August 20

**QUEZON CITY (PIA) --** The Civil Service Commission (CSC) has announced that applications for the Career Service Examination-Pen and Paper Test (CSE-PPT) for Professional and Subprofessional Levels on 20 August 2023 will be open from 22 May to 21 June 2023.

CSC Chairperson Karlo Nograles stated that the Commission has prepared 97 testing centers across 16 regions nationwide to accommodate a large number of applicants interested in serving the country's civil service.

Interested applicants must be Filipino citizens, at least 18 years old on the date of application, and possess good moral character.

They should not have been convicted of any offense or crime involving moral turpitude, have been dishonorably discharged from military service, or dismissed from any civilian position in the government.

Applicants who have taken the same level of Career Service Examination within three months from the exam date are not eligible to apply.

Educational attainment is not a requirement for applicants who meet the qualifications. Applicants must submit a fully accomplished application form, four passport-sized photos, a valid ID, a Certificate of Consent/ Release/Waiver relating to the Corona Virus Disease, and an examination fee of P500 to the CSC offices.

The application form is available at the National Capital Region CSC office, located at No. 25 Kaliraya St., Brgy. Doña Josefa, Quezon City and other CSC Regional or Field Offices, or it can be downloaded from the CSC website and printed on a legal-size bond paper.

The CSC website has detailed information on the requirements, I.D. specifications, and list of testing centers by region.

The CSC emphasizes that it does not hold review classes, publish or distribute review materials, or endorse any entity offering review sessions to prospective civil service examinees.

Passing the Career Service examinations grants Career Service Professional Eligibility or Career Service Subprofessional Eligibility, which, together with education, experience, training, and other competency requirements, is necessary for a permanent appointment to corresponding positions in the government career service that do not involve the practice of profession and are not covered by the Bar, board, and other special laws. ***(CSC / PIA-NCR)***

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-070-23**

**GINA P. PEREÑA married to**
**LUISITO T. PEREÑA,**
Mortgagor/s,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-Judicial Petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, with business address at The Petron Mega Plaza Building, No. 358, Sen. Gil Puyat Ave., Makati City against the Mortgagor/s, **GINA P. PEREÑA married to LUISITO T. PEREÑA** with residence and postal address at: 1.) 239 Alulod Indang, Cavite; and 2.) Lot 11, Block 45 Tierra Solana Pontevedra Buenavista III, Gen. Trias, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of 15 March 2023 amounts to **SEVEN HUNDRED NINETEEN THOUSAND FIVE HUNDRED THREE PESOS AND 46/100 (P719,503.46),** excluding penalties, charges, attorney's fees and expenses of foreclosure, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **June 14, 2023** at 10:00 o'clock in the morning until 12 noon at the main entrance of the Government Center Bldg. located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder of CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2013005642**

A PARCEL OF LAND (LOT 11, BLK. 45 OF THE SUBD. PLAN PSD-04-184080, BEING A PORTION OF LOT 2823-A, PSD-04-116461, L.R.C. REC. NO. ) SITUATED IN THE BARRIO OF BUENAVISTA III, MUN. OF GEN. TRIAS, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE NW., ALONG LINE 1-2 BY LOT 10 BLK. 45; ON THE NE., ALONG LINE 2-3 BY ROAD LOT 13; ON THE SE., ALONG LINE 3-4 BY LOT 12; ON THE SW., ALONG LINE 4-1 BY LOT 31; BOTH OF BLK. 45 & ALL OF THE SUBD. PLAN. BEGINNING AT A PT. MARKED "1" ON PLAN. **XXX CONTAINING AN AREA OF SEVENTY FIVE (75) SQUARE METERS XXX**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **June 28, 2023** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, May 12, 2023

**RICARDO A. TOLEDO**
Sheriff IV

COPY FURNISHED:
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
**c/o ATTY. MAYBELLE JOY E. BERNALES**
**ANCHOR COLLECTION SERVICES INC.**
Bldg. #2 Malakas cor. Mapagmahal St.
Brgy. Pinyahan Quezon City

**GINA P. PEREÑA married to LUISITO T. PEREÑA**
239 Alulod Indang, Cavite
Lot 11, Block 45 Tierra Solana Pontevedra Buenavista III, Gen. Trias, Cavite

**WARNING:** IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE DEFACE, OR DESTROY THIS NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE ON OR BEFORE THE DATE OF SALE.

**Publication: HANEP** May 22, 29 & June 5, 2023

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-095-23**

**JOSE ORLAN E. EMBON MARRIED TO**
**EMELITA E. EMBON,**
Mortgagor/s,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-Judicial Petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, with business address at The Petron Mega Plaza Building, No. 358, Sen. Gil Puyat Ave., Makati City against the Mortgagor/s, **JOSE ORLAN E. EMBON MARRIED TO EMELITA E. EMBON** with residence and postal address at Lot 11 Block 14 Phase 4 Carissa Homes, Brgy. Bagtas, Tanza, Cavite and Lot 17 Block 15 Ciudad Verde Homes, Brgy. Paradahan I, Tanza, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of 22 March 2023 amounts to **TWO HUNDRED THREE THOUSAND NINE HUNDRED THIRTY PESOS AND 11/100 (P273,930.11)**, excluding penalties, charges, attorney's fees and expenses of foreclosure, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **June 14, 2023** at 10:00 o'clock in the morning until 12 noon at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder of CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2011027830**

A PARCEL OF LAND (LOT 17, BLK. 15 OF THE CONS. AND-SUBD. PLAN, PCS-04-020764, BEING A PORTION OF THE CONS. OF LOTS 4072-F-2, PSD-04-041479 AND LOTS 2064-NEW, 2433, 2554 & 2555, ALL OF STA. CRUZ DE MALABON FRIAR LAND ESTATE (RS-04-000985), G.L.R.O. RECORD NO. 6832), SITUATED IN THE BRGY. OF PARADAHAN, MUN. OF TANZA, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE NW., ALONG LINE 1-2 BY LOT 18; ON THE NE., ALONG LINE 2-3 BY LOT 24; ON THE SE., ALONG LINE 3-4 BY LOT 16; ALL OF BLOCK 15; ON THE SW., ALONG LINE 4-1 BY ROAD LOT 9 (8.00 M. WIDE, ALL OF THE CONS.-SUBD. PLAN. BEGINNING AT A PT. MARKED "1" ON PLAN. **XXX CONTAINING AN AREA OF FORTY EIGHT (48) SQUARE METERS XXX**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **June 28, 2023** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, May 12, 2023

**ANDRES B. ESPINA**
Sheriff IV

COPY FURNISHED:
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
**c/o PAULINO E. CASES, JR.**
**CASES COLLECTION MANAGEMENT, INC**
Unit 408 Cityland Condominium 10 Tower II
154 H.V. dela Costa Street, Salcedo village, Makati City

**JOSE ORLAN E. EMBON MARRIED TO**
**EMELITA E. EMBON**
Lot 11 Block 14 Phase 4 Carissa Homes, Brgy. Bagtas, Tanza, Cavite
Lot 17 Block 15 Ciudad Verde Homes, Brgy. Paradahan I, Tanza, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra Judicial Sale on or before the date of sale.

**Publication: HANEP** May 22, 29 & June 5, 2023




# 2023 PHILRACOM "1ST LEG TRIPLE CROWN STAKES RACE"

Muling ibinida ng kabayong si La Trouppei ang kanyang angas matapos nitong siluhin ang korona sa katatapos na 2023 Philracom "1st Leg Triple Crown Stakes Race" na inilarga sa pista ng Metro Manila Turf Club Inc. (MMTCI) sa Malvar Tanauan City, Batangas. Naging kalmado ang hineteng si Kelvin Bete Abobo sa ibabaw ni La Trouppei na tila tantyado at kabisado na ang galing sa pagremate ng kanyang sakay na kabayo. Sa largahan ay nakauna sa paglundag ang matulin na si (1)Istulen Ola na nirendahan ni John Alvin Guce, agad naman na umarangkada sa gawing labas si Jaguar na pinatnubayan ni Jeffril Zarate upang makipagsabayan sa unahan, pangatlo sa bandang gitna ang kaisa-isang babaeng kalahok na si (1a)Going East na sinakyan ni Andreu Villegas, pang-apat si (5)Gintong Hari na pinatungan ni Isaac Ace Aguila, panlima ang ating bida na si La Trouppei, habang si (5a) Easy Does It na ginabayan ni Jomer Estorque ang bugaw sa simula. Dahil sa tulin sa arangkadahan nina (1)Istulen Ola at Jaguar ay pumuwesto si La Trouppei sa panlima upang panoorin ang bakbakan ng dalawang kabayo sa unahan. Pagdating sa medya milya (800 meter) ay wala pa rin pinagbago ang pagkakasunod sunod ng mga kabayo. Bandera pa rin ang tersero liyamado na si (1)Istulen Ola, kasunod pa rin ang paborito na si Jaguar, pangatlo ang kacouple runner ni (1) Istulen Ola na si (1a)Going East, pang-apat ang kuarto liyamado na si (5)Gintong Hari, panlima ang segundo liyamado na si La Trouppei, habang ang kacouple runner ni (5)Gintong Hari na si (5a) Easy Does It ay nanatili sa likuran. Bago sumapit sa tres oktabos (600 meter) ay kalmado pa rin ang pagmamaniobra kay La Trouppei na nakapirmis sa kanyang puwesto, habang apat na kabayo na ang nagbabanatan sa harapan na kinabibilangan nina (1) Istulen Ola, Jaguar, (1a) Going East, at (5)Gintong Hari. Pagpasok sa far turn ay biglang lumayo sa unahan sina (1)Istulen Ola at Jaguar kaya nagsimula ng kumilos ang winning horse na si La Trouppei na kumuha ng ikatlong puwesto at patuloy sa pagkaripas, kaya sa huling kurbada ay nagkapanabayan na sa harapan sina (1)Istulen Ola, Jaguar at La Trouppei. Sa rektahan ay matindi ang naging bakbakan nina (1) Istulen Ola sa gawing loob, Jaguar sa bandang gitna at La trouppei sa gawing labas, kaya binagsakan na ng todo ni Kelvin ang kanyang sakay dahilan upang mailabas ni La Trouppei ang kanyang tikas at nakalamang sa meta na halos nguso lang ang agwat. Sumegundo kay La Troupppei si Jaguar, tersero si (1)Istulen Ola at si (5a)Easy Does It ang pumang-apat. Nakapagtala si La Trouppei ng tiyempong 1:38.8 (24'-23'-23'-27) para sa distansyang 1,600 meter sapat upang hamigin winning horse owner na Rancho Santa Rosa ang premyong P2.1M kabilang ang tropeo mula sa event na suportado ng Philracom. Naibulsa naman ng koneksiyon ni Jaguar ang 2nd place prize na P787,500, habang nakapag-uwi sina (1)Istulen Ola at (5a)Easy Does It ng premyong P437,500 at P175,000 bilang 3rd at 4th placer ayon sa pagkakasunod. Nakahamig din ang winning breeder na si Melaine C. Habla ang premyong P175,000. Matatandaan na si La Trouppei din ang nagwagi sa ginanap na Philracom "Road To Triple Crown Stakes Race" na pinakawalan sa parehong lugar noong Abril 16, 2023.

# BEBOT, DINAMPOT SA PANGONGOTONG

**NAARESTO** sa entrapment operation ang 39-anyos na bebot matapos kotongan ang isang negosyante ng halagang P120,000 cash kapalit ng hindi nito pagbubulgar ng umano'y lihim ng huli sa Imus City, Cavite Miyerkules ng gabi.

Kinilala ang suspek na si Liezl San Jose y Legaspi, ng 319 Pag-asa Subd., Bucandala, Imus City, matapos ireklamo ng 50 anyos na lalaking negosyante.

Sa ulat ni PSSgt Jessie Villanueva, ng Imus City Police, humihingi ng halagang P120,000 ang suspek sa negosyante kapalit ng hindi nito pagsusumbong sa kanyang asawa matapos nitong akusahan ng umano'y panggagahasa sa kanyang pamangkin.

Subalit imbes na matakot ang negosyante, nagkunwaring ibibigay ang nasabing halaga sa suspek at nagkasundong magkikita sa loob ng Mcdonald Food House sa Bgy Malagasang 1G, Imus City, dakong alas-7:00 ng gabi.

Subalit bago nagtungo ang biktima sa pinag-usapan na lugar ay nagpunta muna sa pulisya at ini-report ang insidente at plinano ang entrapment operation.

Sa aktong tinatanggap ng suspek ang boodle money ay inaresto ito sa loob ng nabanggit ng food chain. ***GENE ADSUARA***

# Bangkay ng lady engineer, natagpuan

**ISANG** lady engineer ang natagpuang patay sa plantasyon ng mga saging kamakailan sa Davao City.

Natagpuan ang bangkay ng 28-anyos na si Vlanche Marie Laruan Bragas, archetic engineer, dalaga, at ng Calinan Poblacion, Davao City dakong alas-8:00 ng umaga.

Bago ito ay huli umanong nakitang buhay ang biktima pasado alas-12:00 ng hatinggabi.

Sa ulat ay nakasakay pa umano ang biktima sa dilaw na tricycle sa Crossing Fausta, ng naturang bayan.

Nabatid na nakita ang bangkay malapit sa irrigation canal ng banana plantation sa Purok 6, Barangay Dacudao, Calinan.

Batay sa pulisya, ang bangkay ni Bragas ay tinakpan pa umano ng mga tuyong dahon ng saging.

Nagsagawa ng malalimang imbestigasyon ang kapulisan hinggil dito. ***RUBEN LACSA***

# Lalaki, utas sa pamamaril

**NAGSAGAWA** ng imbestigasyon ang Quezon City Police District (QCPD) sa naganap na pamamaril sa lungsod na ikinamatay ng isang lalaki kamakailan.

Ayon kay QCPD Director PBGEN Nicolas D Torre III, hindi na umabot ng buhay sa ospital ang biktimang si Dante Bernabe Jr y Yaras, 26, at naninirahan sa No. 8 Ezekeil, Ezra Fil Height, Quezon City.

Sinabi ni General Torre na naganap ang pamamaril sa biktima nitong ika-16 ng Mayo ganap na ala una y media ng madaling araw sa kahabaan ng Quirino Highway harapan ng Meralco, Barangay Kaligayahan, Novaliches, Quezon City subalit naiulat lamang sa pulisya isang oras makalipas ang insidente.

Batay sa salaysay ng testigo na si George Tinera Acabal, 73, biyudo, at care taker sa Admiral Terminal, nagkakape siya sa loob ng kanilang barracks ng makarinig ng dalawang putok ng baril at pagsilip sa bintana ay nakita ang biktima na nakahandusay na sa bangketa na duguan.

Agad umano niya ipinagbigay alam ang pangyayari sa Barangay Kaligayahan na siya namang nag-ulat sa QCPD Novaliches Police Station 4 tungkol sa insidente.

Dumating naman sa pinangyarihan ng krimen sina PCAPT AGSENO T PALCONGAN kasama ang imbestigador na si PCpl Alexander Faed at lima pang pulis at mga BPSO ng Barangay Kaligayahan sa pangunguna ni BPSO Ferdie Malonso. ***(Paulo B Flores)***

# Nangikil sa dating kinakasama, huli

**NADAKIP** sa entrapment operation ang lalaking nangikil ng pera sa kanyang dating kinakasama sa lungsod Quezon kamakailan.

Kinilala ni Quezon City Police District (QCPD) Director PBGEN Nicolas D Torre III ang suspek na si Jesryl Olayan na inireklamo ni Eunice Sugpatan.

Ayon kay General Torre, si Olayan ay inaresto ng mga operatiba ng QCPD District Anti-Cybercrime Team sa pangunguna ni PCAPT Michael Bernardo sa Cubao, Quezon City kung saan nagkasundo ang suspek at biktima na magkikita.

Agad na pinosasan ng mga pulis si Olayan matapos iabot sa kanya ng biktima ang pera na nagkakahalaga ng ₱2,500 na naunang hinihingi ng suspek kay Sugpatan kapalit ng hindi pag-post sa social media ng mga video at larawan nito.

Sinabi pa ni General Torre na ikinasa ni PCAPT Bernardo ang nasabing entrapment operation matapos mabatid kay Sugpatan na nakipag-ugnayan dito ang suspek na humihingi ng pera at nagbabanta na kung hindi magbibigay ay ikakalat nito sa pamamagitan ng social media ang kanyang mga pribadong larawan at video.

Naharap si Olayan sa mga kasong paglabag sa Republic Act 9262, Article 294 o Robbery with Intimidation of Persons at Article 286 o Grave Coercion in all relation to Section 6 of Republic Act 10175 na mas kilala sa "Cybercrime Prevention Act of 2012". ***(Paulo B Flores)***

# Mt. Guiting Guiting, isa sa mga isinusulong na atraksyong panturismo sa Mimaropa

**LUNGSOD NG CALAPAN, Oriental Mindoro (PIA)** -- Ang Mt. Guiting Guiting matatagpuan sa lalawigan ng Romblon ay isa na ngayon sa mga isinusulong na atraksyong panturismo sa rehiyong Mimaropa.

Magkasamang inakyat ang nabanggit na bundok nina Romblon Governor Jose Riano at Department of Tourism (DOT) Mimaropa Regional Director Azucena Pallugna, Ph.D.

Bahagi ito ng promosyon ng mountain tourism sa pamamagitan ng sustainable tourism activities at development.

Binuo ang grupo ng 33 katao, kung saan inakyat ng mga ito ang mga matatarik at mabatong bundok sa loob ng tatlong araw simula Mayo 13 hanggang Mayo 15.

Ang Mt. Guiting Guiting ang pinakamataas na bundok sa Romblon na may taas na 6,752 ft. o 2,058m above sea level. Ito ay matatagpuan sa Sibuyan Island na maituturing na isa sa pinakamahirap na akyating bundok sa bansa.

Inaasahan naman sa pamamagitan ng naturang gawain ay mas mabibigyang pansin ang isa sa mga makabagong anyo ng turismo na patok na patok sa mga kabataan.

Sa pamamagitan nito ay inaasahan din ng lokal na pamahalaan na madaragdagan ang daloy ng turismo sa naturang lugar na siya namang magbibigay dagdag kita sa kabuhayan ng mga mamamayan ng naturang lugar. ***(JJGS/PIA Mimaropa-OrMin)***

# Mag-ama, nakaligtas sa pananambang

**NAKALIGTAS** ang mag-amang lulan ng kanilang sasakyan sa pananambang ng mga hindi nakilalang suspek sa Maguindanao del Sur, kamakailan.

Sa paunang pagsisiyasat ng mga awtoridad, minamaneho ni Ismael Gudal ang kanyang puting sports utility vehicle sa tulay ng Labu-Labu, Datu Hoffer bandang alas-6:30 ng umaga.

Nabatid na kasama ni Gudal ang kanyang anak na babae dahil ihahatid nito sa eskuwelahan sa Esperanza, Sultan Kudarat.

Dito na isinagawa ng mga hindi nakilalang armadong salarin ang pamamaril.

Si Gudal ay kawani ng National Irrigation Administration na nakatalaga sa Kabulnan Irrigation System sa bayan ng Shariff Aguak.

Patuloy ang pag-iimbestiga ng pulisya sa naturang insidente. ***MARCK BADION***

# Nagpatiwakal dahil sa depresyon

**HINIHINALANG** hindi nakayanan na harapin ang depresyon kaya nagpakamatay sa pamamagitan ng pagbigti ang isang lalaki sa Tanza, Cavite Miyerkules ng umaga.

Kinilala ang biktima na si Edison Longares y Valenzuela, nasa wastong edad, ng Springtown Villas, Brgy Bucal, Tanza.

Sa ulat ni PSSg Joycell Javier, ng Tanza Police Station, isang kaibigan ng biktima ang nagtungo sa bahay nito upang alamin sana kung bakit hindi pumasok sa trabaho.

Ikinabigla nito na nakita ang biktima na nakabitin ang leeg sa hagdanan gamit ang tuwalya dakong alas-9:00 ng umaga.

Sinasabing dumaranas umano ng depresyon ang biktima. ***GENE ADSUARA***

# Nahulihan ng boga dahil sa walang suot na helmet

**NABUKING** ang itinatagong boga ng rider na sinita dahil sa hindi pagsusuot ng helmet sa Imus City, Cavite Martes ng hapon.

Kasong paglabag sa RA 10591 (illegal possession of firearms) ang kinaharap ni Joelth Jay Calubayan y Jamilla, nasa wastong edad.

Sa ulat ni PSSgt Anthony Macarion, ng Imus City Police, dakong alas-12:30 ng tanghali nagsagawa ng Oplan Sita ang mga operatiba ng Imus CPS sa Tulay Balimbing, Brgy Poblacion 4B.

Pinara ang suspek sakay ng kanyang kulay itim na motorsiklong Yamaha Mio 125 dahil hindi nakasuot ng helmet.

Sa pag-iinspeksyon ay nakita sa kanya ang isang Lugoc C9 caliber 9mm na may serial number na 196094 at may karga na bala dahilan ng pagkakaaresto.

Wala rin itong naipakitang dokumento sa dala niyang baril. ***GENE ADSUARA***

# BAUERTEK LABORATORY BINISITA NI DIST. REP. ALVAREZ



**PERSONAL** na binisita ni Honorable Pantaleon D. Alvarez, District Representative ng 1st District ng Davao del Norte ang laboratoryo ng BAUERTEK Corp., upang makita ang mga kagamitan na gagamitin sa pagpoproseso ng medical cannabis o marijuana, sakali mang maaprubahan na ang pagsasabatas na maging legal ang paggamit ng halamang gamot.

Mismong si Dr. Richard Nixon, Gomez, BAUERTEK General Manager / Scientist Inventor, ang nanguna para ikutin at ipakita kay Cong. Alvarez at maybahay nito ang mga kagamitan sa laboratoryo na handang-handa ng gagamitin sa paggawa ng medical cannabis kasama ang buong team ni Cong. Alvarez, mga media at ilang staff ng BAUERTEK.

Matapos ikutin ang buong laboratoryo, live na isinagawa ang Media Health Forum sa loob ng studio sa tanggapan mismo ng BAUERTEK Corp. Sa pangunguna pa rin ni Dr. Richard Gomez, kasama ang dalawang batikang broadcaster na sina Edwin Eusebio at Rolly "Lakay" Gonzalo.

Matapos na makita ni Cong. Alvarez ang buong pasilidad ng laboratoryo, kumbinsido ito na kayang gumawa ng Pilipinas ng Medical cannabis sa pamamagitan ng BAUERTEK Corp. na kagaya ng ilang mauunlad na bansa na legal ng ginagamit ang marijuana para gawing medical cannabis.

Sa ginanap na live press conference na kung saan siya ay special guest, sinabi ni Rep. Alvarez na "Para maaprobahan ang pagsasabatas medical cannabis, kinakailangang suportahan ito ng mga mambabatas, senador, at mga nasa gobyerno kasama na ang mga advocates na walang tigil na isinusulong ang pagsasabatas ng halamang gamot na marijuana para gawing health medicine."

Kuwento pa ni Rep. Alvarez na sa Bansang Thailand, simula ng gawing legal ang Marijuana, tumaas na ang turismo. Dahil yung mga karatig bansa nila na hindi pa legal ang paggamit ng medical cannabis ay nahuhuli na, kagaya ng Pilipinas. Yung may mga pera ay doon na pumupunta sa Thailand, dahil ito ay mas madaling puntahan at malapit kumpara sa Canada at America.

Matatandaang si Cong. Pantaleon D. Alvarez ang Author ng House Bill (HB) nO. 6783 (Decriminalization of Marijuana) which aims to amend Republic Act (RA) No. 9165 or to Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. kung kaya naman 100% ang suporta ni Rep. Alvarez sa ginagawang pagsusulong ni Dr. Gomez kasama ang ilan pang mga experto at mga nasa gobyerno, upang tuluyan ng maisabatas ang pagsasa legal ng medical cannabis. *(Raffy Rico)*



**SINUSURI** ng mga operatiba ng SOCO-MPD ang bangkay ng 36-anyos na si William Fernandez na binaril sa ulo ng umano'y riding in tandem dakong alas-5:00 ng umaga kamakailan sa area ng Lawton, Manila. Ang biktima ay kabilang sa mga namamalagi at natutulog sa naturang lugar na ayon sa kinakasama nito ay wala naman alam na kaaway si Fernandez. ***CHRISTIAN HERAMIS***

# HANEP
Basahin Mo Ito!

## KWF, Kikilalanin ang Dangal ng Wika 2023

Kikilanin ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang katangi-tangi sa mga magiging nominado para sa KWF Dangal ng Wikang Filipino 2023 kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 na may temang Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad at Inklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan.

Ang Dangal ng Wikang Filipino ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at/o disiplina.

Para sa kompletong deltaye, bumisita sa kwf.gov.ph o mag-text o tumawag sa 0928-844-1349, o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

## KWF, Naglaan ng PHP30,000.00 sa KWF Mananaysay ng Taón 2023

Para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2023 na may temang Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad at Inklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan, naglaan ang Komisyon sa Wikang Filipino ng PHP30,000.00 sa tatanghaling KWF Mananaysay ng Taón 2023 para sa Sanaysay ng Taón, ang taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa na ilahok ang kanilang mga akda.

Bukás ang timpalak sa lahat ng Pilipino, babae man o laláki, maliban sa mga kawani ng KWF at kaniláng kaanak.

Ang paksâ ng sanaysay ay tungkol sa sosyolingguwistikong interaksiyonal na pagdalumat sa mga katutubong wika ng Pilipinas na naghahain ng mapananaligang pag-aanalisa tungong modernisasyong pangwika.

Para sa kompletong deltaye, bumisita sa kwf.gov.ph o mag-text o tumawag sa 0928-844-1349, o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.




Tinanggap ni Kgg. Jerry Treñas ng lalawigan ng Iloilo mula kay Bb. Angelica Ellazar, Planning Officer III ang mga aklat ng Komisyon sa Wikang Filipino na ipamamahagi sa iba't ibang aklatan sa lalawigan ng Iloilo.

# KALIBRE

ROMY SANTOS
0977-7844136



## Magiging magulang balang araw

**ILANG** araw bago ang pagsapit ng Mother's Day nitong Mayo 14 ay mayroong isang anak sa Cavite na tinangkang saksakin ang kanyang sariling ina.

Nagwala ang anak at kumuha ng patalim na binalak pang saksakin ang nanay niya.

Mabuti na lamang at umawat ang ilang kasama sa bahay at napigilan ang tangkang pananaksak.

Lahat tayo ay dumarating sa mundo dahil sa ating magulang partikular sa ina na pagkaraan ng siyam na buwan sa kanyang sinapupunan ay kasunod ang pagluwal.

Ina ang nagbigay ng buhay kaya labis na nakakalungkot na tayong anak pa ang magbabalak para patayin siya.

Gumugulong lamang ang buhay, magiging anak at darating ang panahon na ang anak ay nagiging ina o ama rin.

Iyan ay kung mag-aasawa o bubuo ng isang pamilya at kapag pinalad na magkakaroon ng anak ay mararanasan din ang pagiging ina o mabulang.

'Ika nga ng mga matatanda, ang ginagawa ng anak sa ina o magulang ay maaaring gagawin din ng magiging anak nito kapag naging nanay o tatay na rin.

Sa halip na batiin ang nanay dahil bago ang insidenteng iyon ay papalapit na ang Mother's Day pero karahasan ang binigay ng anak sa ina.

Huli man ay malugod nating binabati ang lahat ng nanay ng belated Happy Mother's Day at maging sa mga ama na tumayo na rin bilang ina ng anak.

Kumusta na kaya ang anak na iyon dahil nagpasya ang ina na kasuhan at ipakulong ang kanyang sariling anak pagkatapos ng insidente.

Kung sakaling ganoon na nga ang pasya ng ina ay malamang na mayroon siyang sapat at tamang dahilan.




**DONATION**: Tinatanggap ni TSg Jonathan Almencion (Inf) PA, Chief Clerk ng 402nd Community Defense Center, 4RCDG, RESCOM PA, mula kay 2LT MARY JANE P SCHROEDER (RES) PA, EX-O Company Commander ng Bravo Company, 402 RRIBn ang mga donasyon galing sa mga reservists para sa mga naging biktima ng sunog na naganap sa Cavite City kamakailan. ***(Paulo Flores)***